

My vote counts!



2018 HALALAN NG PAMAHALAANG LOKAL MADALAS NA MGA KATANUNGAN

LUNSOD NG BURNABY HALALAN NG PAMAHALAANG LOKAL

Sabado, Oktubre 20, 2018

Advance na Pagboto - Oktubre 6, 10 o 13



burnaby.ca/elections

Sino ang mga iboboto ko?

Ang mga karapat-dapat na mga botante sa Burnaby ay pipili ng isang Mayor (Alkalde), walong City Councillors (Pang Munisipal na mga Konsehal) at pitong School Trustees at sasagutin ang Mga Katanungan Ukol sa Opinyon ng Komunidad (deklarasyon sa mga parke).

Bakit ako dapat bumoto?

Ang mga inihalal na opisyal ang gumagawa ng mga pagpapasya kung saan ay tuwirang nakakaapekto sa iyong pang araw-araw na pamumuhay: mula sa mga parke kung saan naglalaro kayo ng inyong pamilya, sa mga bike path na ginagamit mo sa araw-araw, hanggang sa mga city centre kung saan ka namimili at nakikihalubilo. Para sa higit na kaalaman tungkol sa iyong lokal na pamahalaan, tingnan ang burnaby.ca. Ang iyong boto ay mahalaga kung saan ka naninirahan, nagtatrabaho, naglalaro at nag-aaral!

Kailan at saan ako maaaring bumoto?

Bumoto kahit saan! Sa Oktubre 2018, ang mga karapat-dapat na mga botante ay mamarkahan ang kanilang mga balota kung saan sila naninirahan, nagtatrabaho, naglalaro o nag-aaral, sa isa sa 34 na mga lokasyon ng pagboto. Upang mahanap ang isang lokasyon na pinakamalapit sa iyo, tingnan ang burnaby.ca/elections.

Araw ng Halalan - Sabado, Oktubre 20, 2018
(8:00 AM - 8:00 PM)

Advance na Pagboto - Oktubre 6, 10 o 13, 2018
(8:00 AM - 8:00 PM)

Ako ba ay maaaring bumoto?

Ikaw ay maaaring bumoto sa Lunsod ng Burnaby kung naabot mo ang mga sumusunod na pamantayan:

- 18 taong gulang o mas matanda pagsapit ng Araw ng Halalan
- Citizen ng Canada
- Residente ng British Columbia nang hindi bababa sa anim na buwan bago ang Araw ng Halalan (Abril 19, 2018)
- Residente ng Burnaby nang hindi bababa sa 30 araw bago ang Araw ng Halalan (Septiyembre 19, 2018) at
- Hindi tinanggalan ng karapatan sa pagboto sa pamamagitan ng anumang patakaran o batas

Ako ba ay nakarehistro na bumoto?

Kumpirmahin na ikaw ay nasa listahan ng mga botante ng Burnaby ngayon sa pamamagitan ng online na pagbisita sa burnaby.ca/elections.

Ako ay nakarehistro, pero nagbago ang aking pangalan at/o address. Paano ko mababago ang aking impormasyon?

Kung babaguhin mo ang iyong personal na impormasyon, mangyaring magdala ng dalawang piraso na balidong ID upang makaboto, na nakalagay ang iyong bagong pangalan/address at pirma.

Maaari ba akong magparehistro sa araw ng pagboto?

Ang mga karapat-dapat na botante ng Burnaby ay maaaring personal na magparehistro sa Oktubre 6, 10, 13 o 20. Tandaan na magdala ng dalawang pirasong ID.

tingnan ang likod na pahina

Maaari ba akong humingi ng tulong upang bumoto?

Kung nangangailangan ka ng isang tagasalin (translator) o iba pang klaseng tulong sa pagboto, hinihikayat ka namin na magsama ng isang tao sa lokasyon ng pagboto upang matulungan kang bumoto. Mangyaring tandaan na sila ay kinakailangan na magkumpleto ng isang pagpapahayag upang makatulong sa iyo. Kung mahihirapan ka sa pagpasok sa lokasyon ng pagboto, maaari mong hilingin na makakuha at markahan ang iyong balota sa labas (curbside voting). Kung hindi mo nagawang magsama ng isang tao na maaaring magsabi sa Mga Opisyal ng Halalan na kailangan mo ng tulong sa labas, ang isang numero na pwedeng tawagan ay matatagpuan mo sa accessible parking stall, kung saan ay malinaw na mamarkahan para sa iyong kagin-hawaan.

Anong ID ang dapat kong dalhin para bumoto?

Kung ikaw ay nakarehistro na upang bumoto sa Burnaby, makakatanggap ka ng isang Voter Card sa koreo sa unang bahagi ng Oktubre. Mangyaring dalhin ang card na ito sa iyong lokasyon ng pagboto, dahil ito ay magpapabilis at magpapahusay ng iyong karanasan sa pagboto.

Kung hindi ka nakatanggap ng isang Voter Card, o may mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon, mangyaring magdala ng dalawang piraso na balidong ID na nagpapatunay kung sino ka at saan ka nakatira, ang isa nito ay dapat may pirma mo:

- Lisensya sa Pagmamaneho sa BC
- BC ID na mula sa ICBC
- Sertipiko ng Pagmamay-ari ng Insurance at Lisensya ng Sasakyan na mula sa ICBC
- BC CareCard
- BC Services Card
- Ministry of Social Development Income Assistance - Pormularyo ng Buwanang Ulat
- SIN o Social Insurance Card
- Canadian passport o Citizenship ID
- Abiso ng buwis ng ari-arian na mula sa Lunsod ng Burnaby
- Credit o debit card
- Mga bill ng utility (koryente, natural gas, tubig, telepono o cable na serbisyo)
- ID ng mag-aaral

Ano ang mga dapat kong gawin bago bumoto?

Limang madaling mga hakbang upang gawing simple ang karanasan ng pagboto:

1. Kumpirmahin na ikaw ay karapat-dapat at nakarehistrong bumoto sa burnaby.ca/elections.
2. Basahin ang **Profile ng Kandidato** upang malaman kung sino ang tumatakbo para sa posisyon. Ang mga profile ay makukuha sa huling bahagi ng Septiyembre.
3. Kung ikaw ay nakarehistro, isang package ng Voter Card ay ipapadala sa iyo sa unang bahagi ng Oktubre. Maingat na tingnan ang package na ito, tanggalin at dalhin ang Voter Card na may nakalistang pangalan mo.
4. Kung hindi ka nakatanggap ng isang Voter Card, magdala ng dalawang pirasong ID.
5. Magpasya kung alin sa 34 na **mga lokasyon ng pagboto** ang pinakamaginhawa para sa iyo, at kumpirmahin kung kailan at saan mo planong bumoto.

Ano ang dapat kong asahan kapag bumoboto?

Limang madaling mga hakbang sa pagboto sa 34 na **mga lokasyon ng pagboto**:

1. Bago pumunta sa lokasyon ng pagboto, ihanda ang iyong Voter Card at/o dalawang piraso ng ID.
2. Kapag pumasok ka na sa lokasyon ng pagboto ay may sasalubong sa iyo, magkakaroon ng pagkakataon upang magtanong at markahan ang isang practice ballot. Sa oras na iyon, ikaw ay ididirekta sa unang available na Opisyal ng Halalan.
3. Ang Opisyal ng Halalan ay susuriin ang iyong Voter Card o ID, papipirmahin ka sa isang libro ng mga bumoboto, at matatanggap mo ang iyong **balota** at secrecy sleeve (o isang nakatiklop na bahagi na kasama ng balota).
4. Pagkatapos ay tutuloy ka sa isang voting booth, kung saan magkakaroon ka ng privacy (o pagsasarili) upang markahan ang iyong balota.
5. Sa sandaling nakumpleto mo ang iyong balota, ilagay sa secrecy sleeve, at ang isang Machine Attendant ay hihilingin sa iyong ipasok ang iyong balota sa voting machine.

Ako ay may ari-arian sa Burnaby, ngunit hindi ako naninirahan sa Burnaby, maaari ba akong bumoto?

Ikaw ay maaaring bumoto bilang isang Non-Resident Property Elector (Botanteng May Ari-arian Pero Di-Residente) sa Lunsod ng Burnaby kung naabot mo ang mga sumusunod na pamantayan:

- 18 taong gulang o mas matanda pagsapit ng Araw ng Halalan
- Citizen ng Canada
- Residente ng British Columbia nang hindi bababa sa anim na buwan bago ang Araw ng Halalan (Abril 19, 2018)
- May ari-arian sa Lunsod ng Burnaby nang hindi bababa sa 30 araw bago ang Araw ng Halalan (Septiyembre 19, 2018)
- Hindi maaaring bumoto bilang isang residenteng botante sa Lunsod ng Burnaby
- Nakarehistro na kaugnay ng isang ari-arian
- Kung higit sa isang tao ang nagmamay-ari ng ari-arian, isang may-ari lamang ang maaaring bumoto. Isang Pormularyo ng Pahintulot ay dapat dalhin sa lokasyon ng pagboto, kasama ang katibayan ng pagmamay-ari at
- Hindi tinanggalan ng karapatan sa pagboto sa pamamagitan ng anumang patakaran o batas

Tandaan: Kung karapat-dapat, ikaw ay kinakailangang magparehistro nang personal bilang isang Non-Resident Property Elector sa Araw ng Halalan.

Para sa Karagdagang Impormasyon:

burnaby.ca/elections
elections@burnaby.ca

#bbyelxn
604-294-7088

